Protokol sa Muling Pagbubukas ng mga Suportang Grupo para sa Karamdaman sa Paggamit ng Droga at Kalusugang Pangkaisipan

Kamakailang mga Update:

7/08/2020: Nagbigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagpapabuti sa sistema ng hangin at bentilasyon

7/18/2020: Nagbigay ng karagdagang impomasyon tungkol sa mga pantakip ng mukha at mga pagsusuri ng sintomas sa mga empleyado at kalahok.

Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County ay ipinagtitibay ang isang niyugtuang pamamaraan, na suportado ng siyensya at kaekspertuhan sa pampublikong kalusugan, para mapahintulutan ang ilang mga negosyong tingi (retail businesses) na muling makapagbukas nang maingat. Ang mga protokol sa muling pagbubukas na nasa ibaba ay partikular sa mga kapaligiran at gawain na may mas mababang panganib (lower risk) na pinapahintulutan na muling magbukas sa bisa ng Utos ng Opisyal ng Kalusugan ng County na inilabas noong Mayo 13, 2020. Dagdag sa mga kondisyong ipinataw sa mga partikular na mga kapaligiran at gawain na ito ng Opisyal ng Pampublikong Kalusugan ng Estado, dapat itong mga kapaligiran at gawain ay sumusunod sa mga kondisyong inilatag sa checklist para sa mga Suportang Grupo sa Karamdaman sa Paggamit ng Droga at Kalusugang Pangkaisipan na ibinigay sa ibaba.

Mangyaring tandaan: Ang dokumentong ito ay maaaring baguhin habang ang karadagang impormasyon at mga mapagkukunan ay magagamit kaya't siguruhin na palaging na bisitahin ang website ng LA County http://www.ph.lacounty.gov/media/Coronavirus/ para sa anumang mga pagbabago sa dokumentong ito.

Ang checklist na ito ay sumasaklaw sa mga hakbang na kinakailangan upang masiguro ang ligtas na muling pagbabalik ng mga suportang grupo sa kalusugang pangkaisipan, karamdaman sa paggamit ng droga at iba bang panterapeutika sa mga pantahanan at hindi pantahanan na mga programa sa paggamot ng kalusugang pangkaisipan at paggamit ng droga, mga pasilidad sa magkakatipon-tipon na paninirahan, mga kanlungan ng mga walang tirahan at kahalintulad na mga kapaligiran, pati na rin ang tumayo mag-isa sa mga groupo ng pagtulong sa sarili na maaaring maganap sa sari-saring uri ng mga kapaligiran.

Ang panterapeutika na mga suportang grupo ay kinakailangan na sumunod sa gabay ng pampublikong kaulsugan na naaangkop sa mga kapaligiran at gawain na iyon tungkol sa mga hakbang sa kaligtasan ng empleyado, paggamit ng pisikal na pagdistansya, at kontrol ng impeksyon. Ang mga kasanayan na nakalista sa ibaba ay dapat na maipatupad bilang dagdag sa mga hakbang na iyon.

Ang lahat ng mga setting na tumutuon sa mga gawain na saklaw ng gabay na ito ay dapat na ipatupad ang lahat ng mga hakbang na nakalista sa ibaba at maging handa na ipaliwanag kung bakit ang anumang hakbang na hindi ipinatupad ay hindi naaangkop sa kapaligiran.

Pangalan ng Grupo/Kapaligiran : _____

Address ng Pasilidad: _____

Pinakamaraming maka-okupa , ayon sa Fire Code: _____

Tinatayang kabuuan na talampakang kuwadrado (square footage) ng espasyo ng pasilidad : _____

A. MGA PATAKARAN AT KASANAYAN PARA PROTEKTAHAN ANG KALUSUGAN NG KALAHOK (MARKAHAN NG TSEK ANG LAHAT NA ANGKOP SA PASILIDAD)

☐ Ang lahat ng mga kalahok ay sinabihan na huwag dumalo sa grupo kung may-sakit o kung sila ay nalantad sa isang tao na mayroong COVID-19 at sumunod sa gabay ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan tungkol sa pagbubukod o pag-quarantine, kung naaangkop. Hindi mumultahan ang mga kalahok kung hindi makakadalo sa isa o higit pang mga pagpupulong dahil sa sakit o pagkakalantad.

☐ Sa oras na napagbigay-alam na ang isa o higit pang mga empleyado ay nasuring positibo para sa, o may mga sintomas ng COVID-19 (kaso), ang amo o employer ay may plano o protokol na isasaayos upang ang (mga) kaso ay maibukod ang kanilang mga sarili sa bahay at mangailan ng pag-quarintine sa sarili (self-quarantine) ang lahat ng mga empleyado na nagkaroon ng pagkakalantad sa (mga) kaso sa lugar ng pagtatrabaho. Ang plano ng amo o employer ay dapat na isaalang-alang ang isang protokol para sa lahat ng mga empleyado na na-quarantine na magkaroon ng akses sa o masuri para sa COVID-19 nang sa gayon ay matukoy kung mayroon pang karagdagang mga pagkakalantad sa lugar ng pagtatrabaho, na maaaring kailanganin ng karagdagang mga hakbang sa pagkontrol ng COVID-19.

☐ Ang mga pag-iiskrin sa empleyado ay isinagawa bago maaaring pumasok sa espasyo ng trabaho ang mga empleyado. Kasama sa pagsusuri ay ang berbal na pagtatanong (check-in) tungkol sa ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga at lagnat o panggiginaw, at kung ang empleyado ay nagkaroon ng pakikisalamuha o kontak sa isang tao na nahawaan ng COVID-19 sa huling 14 na araw. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin nang malayuan (remotely) o personal sa pagdating ng empleyado. Isang pagsusuri sa temperatura ay dapat din gawin sa lugar ng trabaho kung magagawa.

☐ Ang mga pagsusuri sa síntomas ay isinasagawa bago ang mga bisita o kalahok ay maaaring makapasok sa pasilidad. Ang mga pagsusuri ay dapat na kabilangan ng berbal na pagtatanong (check-in) tungkol sa ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga at lagnat o panggiginaw. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin nang personal o sa pamamagitan ng mga alternatibong pamamaraan tulad ng mga sistema ng on-line check in o sa pamamagitan ng karatula na nakapaskil sa pasukan ng pasilidad na nagsasaad na ang mga bisita na may mga síntomas na ito ay hindi dapat pumasok sa lugar

☐ Ang mga empleyado na may pakikisalamuha o kontak sa ibang mga tao ay inaalok, nang walang gagastusin, ng isang naaangkop na pantakip ng mukha na tumatakip sa ilong at bibig. Ang pantakip ay dapat na isuot ng empleyado sa lahat ng oras sa araw ng trabaho kapag nakikisalamuha o malamang na makisalamuha sa ibang mga tao. Ang mga empleyado na inutusan ng kanilang medikal na tagapagbigay (medical provider) na hindi sila dapat magsuot ng isang pantakip ng mukha ay dapat na magsuot ng panangga ng mukha (face shield) na may maluwag na tela (drape) sa ibabang dulo, para sumunod sa mga direktiba ng Estado, hangga't ang kanilang kondisyon ay pinahihintulutan ito. Isang maluwag na tela na akma sa ilalim ng baba ay mas mainam. Ang mga maskara (mask) na may mga one-way valve ay hindi dapat gamitin. Ang mga empleyado ay hindi kailangan magsuot ng isang pantakip ng mukha kapag ang empleyado ay mag-isa sa isang pribadong opisina o kubiko na may solidong partisyon o panghiwalay na lagpas sa taas ng empleyado kapag nakatayo.

☐ Ang mga empleyado ay inatasan na labahan o palitan araw-araw ang kanilang mga pantakip sa mukha (face covering).

☐ Sa kaganapan na 3 o higit pang mga kaso ay natukoy sa loob ng lugar ng trabaho sa tagal na 14 na araw, ang amo o employer ay dapat na iulat ang kumpol na ito sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa (888)

397-3993 o (213) 240-7821. Kung ang isang kumpol ay kinilala sa lugar ng trabaho, ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ay pasisimulan ang isang pagtugon sa kumpol na kinabibilangan ng pagkakaloob ng gabay at rekomendasyon sa pagkontrol ng impeksyon, suportang teknikal at partikular sa lugar na mga hakbang sa pagkontrol. Isang tagapamahala sa kaso ng pampublikong kalusugan ay itatalaga sa imbestigasyon ng kumpol upang tulungan ang pagtugon ng pasilidad.

- ☐ Isang kopya ng nakumpletong protokol na ito ay naibahagi na sa bawat kalahok.
- ☐ Ang protokol na ito at iba pang mga kaugnay na materyales sa COVID-19 na inalok sa pagsasalin sa DPH Coronavirus Website ng County ay ipinagkakaloob sa mga kalahok sa kanilang sariling mga wika, kapag may magagamit man.
- ☐ Opsyonal—Ilarawan ang iba pang mga hakbang:

_____

B. MGA HAKBANG PARA MASIGURO ANG PISIKAL NA PAGDISTANSYA

- ☐ Ang kabuuang bilang ng mga kalahok sa grupo, kabilang ang mga kalahok at mga tagapangasiwa/tagapamuno ng grupo, ay hindi maaaring lumagpas sa 10.
- ☐ Hanggang sa makakaya, ang mga grupo ay iniiskedyul sa mga oras na hindi hahantong sa pagsisikip o sobrang pagkapuno ng tao habang ang mga kalahok ay dumarating sa mga daang papasok at mga labasan ng lugar.
- ☐ Ang mga upuan, sopa at iba pang kinauupuan sa espasyo sa pagpupulong ng grupo ay isinaayos para pahintulutan ang hindi bababa sa 6 na talampakang espasyo sa pagitan ng sinumang dalawang kalahok.
- ☐ Hanggang sa makakaya, ang pagpasok sa espasyo ng pagpupulong ay limitado sa mga kalahok at mga tangapangasiwa/tagapamuno ng grupo.
- ☐ Ang lahat ng mga kalahok ng grupo ay dapat na sumunod sa gabay ng lugar tungkol sa mga limitasyon sa pag-ookupa sa mga banyo at anumang mga lugar na karaniwang may tao, kabilang ang mga lugar sa paninigarilyo, na malapit sa silid o espasyo ng pagpupulong.

C. MGA HAKBANG PARA SA PAGKONTROL NG IMPEKSYON

- ☐ Ang mga bisita na dumarating sa pasilidad ay pinaaalalahanan na magsuot ng pantakip ng mukha sa lahat ng oras habang nasa pasilidad o sa nasasakupang lupa ng establisyemento. Ang mga indibidwal lamang na inatasan ng kanilang medikal na tagapagbigay (medical provider) na huwag magsuot ng pantakip ng mukha ang hindi saklaw na magsuot nito. Para suportahan ang kaligtasan ng iyong mga empleyado at iba pang mga bisita, ang isang pantakip ng mukha ay dapat may magamit ng mga bisita na dumarating na wala nito.
- ☐ Ang lahat ng mga kalahok sa grupo ay magsa-sign in gamit ang kanilang sariling mga panulat o gamit ang isang panulat na nilinis o na-sanitize sa pagitan ng mga gumagamit, o sa elektronikong pamamaraan gamit ang mga personal na aparato o mga aparato na nilinis o na-sanitize sa pagitan ng mga gumagamit.
- ☐ Walang pagkain o inumin ang ihahain sa loob ng pagpupulong at walang pagsasalo-salo ng pagkain/inumin/sigarilyo/atbp. ang pahihintulutan.
- ☐ Ang hand sanitizer, mga tisyu at basurahan ay magagamit ng publiko sa mga pasukan at labasan ng pasilidad o malapit sa mga ito.
- ☐ Ang sistema ng HVAC ay nasa mabuti, maayos na gumagana; hanggang sa maaaring pinakamalayong saklaw, ang bentilasyon ay nadagdagan.

- ☐ Isaalang-alang ang pagkakabit ng portable na napakahuhusay na mga naglilinis ng hangin, pag-upgrade sa mga filter ng hangin ng gusali sa pinakamahuhusay hangga't maaari, at ang paggawa ng iba pang mga pagpapabago para madagdagan ang labas na hangin at bentilasyon sa lahat ng mga lugar ng trabaho.

☐ Opsyonal – ilarawan ang iba pang mga hakbang para itaguyod ang pagkontrol ng impeksyon:

_____

Ang anumang mga hakbang na hindi kasama sa itaas ay dapat na nakalista sa hiwalay na mga pahina, na dapat ilakip ng mga tagapangasiwa/tagapamuno ng grupo sa dokumentong ito.

Maaari kang makipag-ugnayan sa sumusunod na tao para sa anumang mga katanungan o komento tungkol sa protokol na ito:

Pakikipag-ugnayang Pangalan ng Grupo: _____ **Numero ng telepono:** _____

Petsang Huling Nirebisa: _____